# BIGLAANG PAGLITAW NG BAGONG INFLUENZA SA NAGANO PREFECTURE

Hunyo 15, 2009
Nagano Governor Jin Murai
Hakbang Ng Nagano Prefecture
Laban sa Bagong uri ng Influenza

Ngayong araw na ito, Hunyo 15, iniulat ang ikalawang pasyente na kumpirmadong mayroong bagong uri ng influenza. Inaasahan ang paggaling ng pasyenteng ito sa lalong madaling panahon.

Napag alaman na ang pasyente at ang pamilya nito ay lumahok sa event ng komunidad ,isang araw bago natuklasan na mayroong influenza , at bilang hakbang ng Prefecture sa pangalawang inpeksiyon o pagkahawa ayon sa「Basic Response Policy」ng Japanese Government na isinagawa noong Mayo 22, isinasaad ang mga nasa ibaba bilang pagtugon ;

Ipinakikiusap ang kooperasyon at pang-unawa ng bawat isa upang maprotektahan ang kalusugan at pamumuhay sa pamamagitan ng pakikiisa ng mga mamamayan sa mga may kinalamang institusyon para sa sapat na hakbang, at sa pamamagitan ng homepage ay maihatid ang pinakabagong impormasyon .

## １． Pagtugon sa mga aktibidad o pangyayari na sinalihan ng pasyente

（１） Paglalarawan ng Pangyayari

・「2009 Nursery Fair 」(Manggagawa ng Iida Labors Union, Iida City Employees Labor Union Nursery Workers Division)
Simula ng 1:30 Pm sa Iida Bunka Kainan noong Hunyo 13, 2009 (Sabado)

・ Taunang aktibidad ng komunidad ng Miho Elementary school
Simula ng 7:30 PM ng Hunyo 14, 2009 (Linggo)

（２） Para sa mga lumahok sa 「2009 Nursery Fair」

・ Hinihiling na huwag pumasok ng kindergarten ang mga mag-aaral sa loob ng Iida City , iwasan ang paglabas ng bahay , at sundin ang gabay ng mga nursery center at kindergarten.

・Hinihiling din na huwag pumasok ang mga mag aaral ng kindergarten sa labas ng Iida City ,iwasan ang lumabas ng bahay . Ang mga magulang at guardian ay kinakailangan na ipaalam sa Iida Health Welfare Office (0265-53-0444) ang attendance ng mga bata sa mga sasalihang event at sundin ang utos o patnubay ng tanggapan.

・Hinihiling din na huwag pumasok ang mga mag-aaral sa elementarya ( alinman sa loob at labas ng Iida City), iwasan ang lumabas . Ang mga magulang at guardian ay kinakailangan na ipaalam sa Iida Health Welfare Office (0265-53-0444) ang attendance ng mga bata sa mga sasalihang event at sundin ang utos o patnubay ng tanggapan.

・Maging maingat sa kalagayan ng kalusugan ang mga kalahok, magulang o guardian , mga may kinalaman sa mga event o mga namamahala, umiwas sa umpukan ng karamihan at magsuot ng facemask kung hindi maiwasan na makihalubilo sa umpukan. Ipaalam muna sa Iida Health welfare office (0265-53-0444) sakaling nagkaroon ng biglaang lagnat , ubo o sintomas ng pananakit ng lalamunan bago pumunta sa medikal na institusyon..

（3） Sa lahat ng publiko at pribadong nursery at kindergarten sa loob ng Iida City, maging ang mga hindi awtorisadong child-care institutions:

・ Hinihiling ang pansamantalang pagsasara ng mga institusyong nabanggit , simula Hunyo 16 (Martes) hanggang Hunyo20 (Sabado) .

・Ang mga nasabing institusyon at pasilidad ay maaari lamang na ikansela ang pagsasara sa oras na malaman na isa man sa kanilang mga mag-aaral ay hindi lumahok sa 2009 Nursery Fair.

・

（4） Para sa Elementarya, Junior High school, High schools, iba pang paaralan, pasilidad ng social welfare maliban sa mga nursery centers:

・Hinihiling ang pansamantalang pagsasara ng Miho elementary school . Simula Hunyo16 (Martes) hanggang Hunyo 21 (Linggo)

・Walang kahilingan ng pansamantalang pagsasara ng iba pang paaralan.

・Pag gabay sa「ganap na proteksiyon ng bawat isa」at patuloy pagbibigay pansin sa kalagayan ng kalusugan ng mga bata, mag-aaral, mga gumagamit ng pasilidad at mga kawaning may kinalaman.

（5） <u>Sa mga negosyante</u>

・Walang hinihiling na kusang pagsasara ng pangangalakal

・Pag gabay sa「ganap na proteksiyon ng bawat isa」at patuloy pagbibigay pansin sa kalagayan ng kalusugan ng mga manggagawa ,mga may kinalaman atbp.

（6） <u>Sa mga organizer o mga namamahala ng pulong, sports events atbp.</u>

・Walang hinihiling na pagpapatigil at pagsasagawa ng pulong at events.

・Subalit, hinihiling sa mga organizers o magsasagawa ng programa ang mga pagbabawas ng mga posibleng magiging dahilan ng inpeksiyon, ( iwasang lumahok ang may kahinaan ang katawan , paghiwalayin o paglayuin ang mga upuan ng mga kalahok o mga sasali at pupnta ,at paghahanda sa pagtugon sakaling magsimula bagong uri ng influenza .

<u>2． Pagtugon ng komunidad ng Iida at iba pang may kinalamang organisasyon</u>

（1） mga medikal na institusyon・mga kawani o manggagawa ng medical institution

・Pagtatakda ng medical institutions para sa mga nainpeksiyon at iba pa ,at pagtugon sa simula at patuloy na pagsusuri.

・Hinihiling ang kooperasyon ng mga institusyong medical na magbugay ng pagsusuri para sa bagong uri ngI nfluenza.

（2）Pagtustos ng mga gamot na may kinalaman sa pagsugpo ng influenza, mga gamot sa pagsusuri at mga face mask

・Hinihiling ang madaliang　pagtustos ng mga gamot na may kinalaman sa pagsugpo ng influenza, mga gamot sa pagsusuri at mga face mask at iba pa.

（3）Mangangalakal

・Hinihiling ang konsiderasyon ng mga opisina o pinapasukan ng mga manggagawa na ang mga anak ay pumapasok sa mga child-care o pasilidadd na pansamantalang nagsara.

3．Pakiusap ng pagpapatupad ng「ganap na pag-iingat ng bawat isa」sa mga naninirahan sa Prefecture

・Hangga't maaari ay umiwas sa umpukan ng ng karamihan, maghugas ng kamay at magmumog mabuti , paggamit ng face mask　at　ilagay sa isip ang tamang kagawian ng pag ubo 「cough etiquette」.

・Kung may biglaang lagnat at palagay na may sintomas ng influenza , iwasan ang lumabas, at sumangguni sa pinakamalapit na Health Welfare office (Hokenjo) at magpatingin sa lugar ng hatsunetsu center na sasabihin.

・Tumatanggap ng sangguni sa biglaang lagnat ang Iida Health Wefare office (Hokenjo)（0265-53-0444）at Ina Health Welfare office (Hokenjo)（0265-76-6837）ng 24 oras. Ang iba pang mga Health Welfare office (Hokenjo) ay patuloy ang pagtugon simula 8:30 AM hanggang 5:15 PM .( Ang mga tawag o sangguni sa gabi ay tatanggapin at ipahahatid sa mga may kinalamang section)
Ang Nagano Prefecture Kenko Tsukuri Shien-ka ay maaaring kontakin ng 24 oras sa telepono (026-235-7484).